
PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 37 NOVEMBER 8 - 14, 2021 10.00

# DOST IV-A, CVSU, NAGTULUNGAN UPANG PALAKASIN ANG INDUSTRIYA NG KAPE

**Ang Department of Science and Technology (DOST) sa Calabarzon at ang Cavite State University (CvSU) ay nagtutulungan upang palakasin ang industriya ng kape sa rehiyon.**

Sa isang taped report na ipinalabas noong Biyernes, sinabi ni DOST Secretary Fortunato de la Peña na ang dalawang organisasyon ay nagtatrabaho upang bumuo ng tissue culture growth chamber para sa mga seedlings ng kape.



Kasama ang National Coffee Research, Development, and Extension Center, bumuo sila ng tissue culture growth chamber para makagawa ng mga seedling na walang sakit sa mas maikling panahon.

Aniya, “"Through the growth chamber innovation, tissue-cultured embryos are subjected to a tightly controlled environment, thus decreasing the chance of plant contamination and mortality rate. With its promising appeal to the market, the technology is foreseen to open more opportunities for the government and private organizations to put up income-generating tissue culture laboratories.”

Dagdag pa niya, malaki ang epekto ng teknolohiyang ito sa industriya ng kape at macapuno.

Iniulat din ni De la Peña na kamakailan lamang ay inilunsad ng DOST-Calabarzon at CvSU ang DOSTRUCK o DOST Technology sa Rehiyon para sa Upscaling of Community Knowledge.

Ang DOSTRUCK ay isang food safety compliant at mobile food processing hub na kasalukuyang nakatalaga sa Magallanes, Cavite.

Ginawa at sinubukan ng DOST-Metals Industry Research and Development Center (MIRDC) ang mobile hub na ginamit sa proyekto, aniya.

## IMUS, INAASAHANG MAKAKAMIT ANG HERD IMMUNITY SA KATAPUSAN NG NOBYEMBRE




Inaasahan ng lokal na pamahalaan ng Imus na makakakamit ng kanilang lungsod ang ‘herd immunity’ sa katapusan ng buwan ng Nobyembre 2021 sa tulong ng kanilang pinaigting at pinalawak na ‘Bida ang may Bakuna’ vaccination program.

Ayon sa ulat ni Imus City Mayor Emmanuel Maliksi, ang kasalukuyang rate ng pamamahagi ng bakuna ay lumampas sa pang-araw-araw na target na 3,700 Covid-19 vaccine jabs na nakamit sa pamamagitan ng limang iba't ibang lugar ng pagbabakuna na ginamit para vaccination rollout.

“In fact, we are able to distribute 5,000 – 6,500 jabs every day,” ani Mayor Maliksi.

Sa kamakailang update sa pagbabakuna, sinabi ng pamahalaang lungsod na may kabuuang 391,026 na dosis ng mga bakuna kontra Covid-19 ang naibigay sa mga residente ng lungsod.

Ang bilang na ito ay naglagay sa lungsod sa unang ranggo ng buong lalawigan gayundin sa buong rehiyon ng Calabarzon pagdating sa distribusyon ng bakuna.

## 5 LIBLIB NA BRGY SA MARAGONDON, TUTULUNGAN NG MERALCO ELECTRICATION PROGRAM

Limang liblib na barangay sa bayan ng Maragondon ang malapit nang magkaroon ng kuryente sa pamamagitan ng MERALCO electrification program.

Nagpulong kamakailan sina Maragondon Mayor Reynaldo Rillo, mga opisyal na kinatawan ng mga barangay- benepisyaryo ng programa, at power provider MERALCO na kinakatawan ni Engr. Francis S. Custodio at Engr. Jay Ar N. Francisco mula sa MERALCO Rosario Business Center para sa nasabing programa.

Ang mga barangay na makikinabang sa electrification program ay ang mga barangay ng Pantihan 2, 3, at 4, Layong Mabilog, at San Miguel A.

Mapapailaw na ngayon ng mga pamilya sa malalayong



lugar ang kanilang mga tahanan at mga lansangan ng barangay para sa pagpapaganda at kaligtasan ng kanilang komunidad.

Ang programa ay mangangailangan ng pagpapalawig ng mga pasilidad

## KONSTRUKSYON NG DASMARIÑAS MULTI-PURPOSE EVACUATION CENTER, PINASIMULAN

Inaasahang magiging mas mabilis nang maihahatid ng pamahalaang lungsod ng Dasmariñas ang mga serbisyo nito lalo na sa panahon ng emerhensiya sa tulong ng itatayong multi-purpose evacuation center dito.

Pinangunahan ni Mayor Jenny Austria-Barzaga ang pormal na pagpapasimula ng naturang proyekto na pinondohan ng lokal na pamahalaan, sa pakikipagtulungan ng PAGCOR.




Ayon kay Austria-Barzaga, isa lamang ang itatayong pasilidad sa mga proyektong bubuksan ng pamahalaang lungsod upang mapagigiting ang mga serbosyo nito sa mga mamamayan, sa gitna ng pandemya na kinakaharap sa kasalukuyan. | via Mayor Jenny Austria-Barzaga




ACCEPTING ADS - 0928-4682788 * E-mail add: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com

## Kumunsulta sa doktor bago uminom ng potassium tablet

**Payo ni Doc Willie Ong**

Delikado ang mababang potassium. Marami na ang namatay dahil dito. Ang pag-inom lamang ng tableta ang tanging lunas sa mababang potassium. Pero bago umi-nom--- ng tableta, kailangang kumunsulta sa doktor. Ang doktor- ang magbibigay ng tamang dosis at klase ng gamot kung mababa ang potassium.

Malalaman kung mababa ang potassium sa dugo sa pamamagitan ng laboratory test. Ang normal result ay mula 3.6-5.5 meq/L. Kung normal ang result mo wala kang gagawin. Pero kung ang resulta ay mababa sa 3.6, lalo na kung mababa sa 3.2 ay delikado 'yan. Kung may sintomas ka ng panghihina ng mga paa, pinupulikat at abnormal na tibok ng puso, mas delikado pa iyan.

Ang solusyon ay pag-inom ng potassium tablets. Ang mayroon ngayon ay Kalium tablet or K-lyte tablet (paiba-iba ang available sa botika). Iniinom ang tableta 1 beses o 2 beses kada araw depende sa baba ng potassium. Kung palaging mababa ang potassium, tuluy-tuloy ang pag-inom ng tablet.

Imonitor bawat buwan ang potassium level sa dugo o mas madalas pa depende sa sintomas para malaman ang tamang dosis ng potassium tablets na irereseta. Dapat magpasuri sa NephroloGist.

Tanong: Puwede bang saging at prutas na lang ang pampataas ng potassium?

Sagot: Hindi. Ayon sa nephrologist na si Dr. Elizabeth Montemayor, kung mababa na talaga ang potassium, hindi na kaya ng saging, kamatis, orange at broccoli. Pangtulong lang ito. Kailangan talaga ng potassium tablets para mabilis ang pagtaas ng potassium.

Tanong: Ano ang dahilan ng mababang potassium?

Sagot: Ang pangkaraniwang dahilan ay ang labis na pagpapawis, pagtatae at pagsusuka.

## Pinawalambisa ang pangalawang kasal

Sina Tessie at Eddie ay ikinasal ng kura-paroko ng kani-lang bayan noong Set. 30, 1942. Nagkaroon sila ng apat na anak. Sila ay sina: Cardo na isinilang noong Marso 3, 1943; Andy noong Agosto 2, 1948; Millie noong Hulyo 6, 1950 at Jun, Disyembre 5, 1952.

Labindalawang taon pagkatapos nilang magpakasal ay nilayasan ni Eddie ang pamilya at hindi nagpakita man lang sa kanila. Apat na taon ang nakalipas bago naba-litaan ni Tessie at mga anak na nasa isang siyudad sa timog si Eddie at nakikisama kay Vangie. Namatay ang babae at wala silang naging anak.

Dalawampu't limang taon mula nang lisanin ni Eddie ang kanilang tahanan ay nalaman ni Tessie na muling nagpakasal ang mister sa ibang babae, si Gina na pinakasalan nito noong Marso 30, 1979 sa isang simbahan sa siyudad kung saan nakatira ang lalaki.

Pagkamatay ni Eddie, saka naisipan ni Tessie na mag-sampa ng reklamo para ipawalambisa ang kasal nito at tuloy nagsampa na rin siya ng petisyon para habulin ang karapatan ng mga anak sa mga ari-arian ng lalaki.

Sa paglilitis, tumestigo si Tessie tungkol sa pagpapakasal niya kay Eddie sa isang seremonyas na ginanap sa simbahan na ginawa mismo ng kura-paroko nila.

Tumestigo rin si Lina na kapatid ni Eddie at nakasaksi mismo sa kasal. Naging testigo rin si Cardo na panganay na anak ng mag-asawa at nagsumite ng ebidensiya na pru-weba ng kasal tulad ng kanyang birth certificate na nakalagay ang kanilang mga pangalan.

Ang kasamiyento lang ng kasal ang wala dahil ang mga rekord ng civil registrar ay nasunog noong World War 2.

Sa kabilang banda, si Gina ay tumestigo tungkol sa kasal nila ni Eddie noong Marso 23, 1979, sa buhay niya bilang isang maybahay at sa pag-aalaga niya sa mister noong mahina na ang katawan nito. Ayon daw sa pagkakaalam ni Gina ay hindi naman talaga asawa ni Eddie si Tessie kundi kinakasama lang dati. Pinakita niya ang marriage contract nila ni Eddie pati isang salaysay na ginawa ng lalaki patungkol sa pagiging binata nito at ang pakikipaglive-in kay Tessie pati isang certificate mula sa local civil registrar na may record ng kasal nila.

*IKAW AT ANG BATAS - Atty. Jose C. Sison - Pilipino Star Ngayon*

# EDITORIAL

## Parusahan din ang mga walang ingat sa bakuna

KAMAKALAWA, nagbabala si President Duterte sa local government units (LGUs) na mabagal sa pagbabakuna na parurusahan ang mga ito. Wala raw siyang makitang dahilan kung mabagal ang vaccination campaign. Sapat daw naman ang bakuna pero bakit may problema. Inatasan niya ang DILG na siyasatin ang LGUs na usad pagong sa pag-babakuna at parusahan ang mga ito.

Maganda ang hakbang na ito. Pero dapat na ring isama ng Presidente sa mga paparusahan ang mga walang ingat sa paghandle ng bakuna. Kung hindi gagawa ng hakbang, maraming masisirang bakuna. Sayang ang ipinambili sa bakuna.

Gaya nang nangyari sa Zamboanga del Sur noong nakaraang linggo na 150,000 doses ng bakuna ang nasunog. Nasunog ang provincial health office kung saan nasa storage facility nito sa third floor ang mga bakuna. Ang mga natupok na bakuna ay Pfizer, Moderna, Sinovac at AstraZeneca. Nakalaan ang mga ito para sa 26 na munisipalidad.

Ayon sa National Task Force Against COVID 19 at Department of Health (DOH), ang mga nasunog na bakuna ay para sa second dose na nakatakda sanang iturok noong nakaraang Lunes. Ang iba pa ay para sa mga edad 12-17. Inaalam pa umano ang sanhi ng sunog.

Marami sana ang mababakunahan kung hindi nangyari ang pagkasunog ng gusali. Sana naging maagap ang mga tauhan ng PHO at naisalba ang mga bakuna.

Walang gustong mangyari sa pagkatupok ng mga bakuna pero dapat mayroong pag-iingat ang mga tauhan ng PHO. Mahalaga ang mga bakuna at dapat nasa ligtas na lugar ang mga ito. Hindi dapat inilalagay sa mataas na palapag ang mga bakuna para in-case na magkaroon ng sunog ay madaling masi-secure.

Inamin ng Department of Health (DOH) noong naka-raang buwan na 12,970 doses ng bakuna na ang nasasayang mula nang magsimula ang kampanya. Ayon kay DOH Undersecretary Ma. Rosario Vergeire, kadalasang ang kamalian sa paghawak sa bakuna kapag dinala na sa iba't ibang bahagi ng bansa ang dahilan kaya nasasayang. May mga nasayang din na bakuna sa storage facility sa Muntinlupa dahil sa temperature excursion. May nasayang sa South Cotabato-dahil inalis ng isang empleyado ang pagkakasaksak ng refrigerator na may mga vaccine.

Parurusahan ang LGUs na mabagal magbakuna ayon sa Presidente. Parusahan din ang hindi nag-iingat sa bakuna.

**EDITOR'S NOTE:** All comments and opinions submitted by our contributing writers and herein published shall remain as personal opinion of our column writers. Viewliner shall not be held liable to any legal issues related to any commentaries that may appear herein.

PAHAYAGAN NG Kabitenyo
In God We Trust
ISSN-1656-0558
An English-Filipino newsweekly published every Monday by Pahayagan ng Kabitenyo with Editorial and Business Office at Unit-D 147 Panapaan IV, P.F. Espiritu IV, Bacoor, Cavite 4102.
Email: pahayaganngkabitenyo@Yahoo.com
Email: pahayagancavite@gmail.com
Entered as Second Class Mail at Postal Region IV San Pablo City under Permit N0 200305 on May 27, 2003
PAPER Ph MEMBER

**ERNA BALAGTAS ANCHETA**
Publisher

**DIOSDADO ARIEL F. ALTO, JR.**
Editor-In-Chief

**DIOSAN MARUAL**
**KCEE NACION**
Marketing & Circulation Manager

**ATTY. EVELYN R. DOMINGUEZ**
Legal Counsel

| | |
|---|---|
| SUBSCRIPTION RATE : | P1,000.00/year |
| Advertising Rate : | P200.00/col. cm. |
| Legal Rate : | P160.00/col. cm. |

## Cavite LGUs commence Pediatric vaccination rollout

By Ruel Francisco

Featured Image

Trece Martires, Cavite (PIA) – Simultaneous with the nationwide COVID-19 vaccination for minors aged 12 – 17 years, several cities and municipalities in the province held their pediatric vaccination rollout on Wednesday, November 3.

The expansive rollout came after the successful vaccination of minors in the National Capitol Region (NCR) on October 15, 2021.

Parents accompanied children with comorbidities to vaccination sites of the respective localities such as the Primark Town Center in Barangay Magdiwang in Noveleta; Tanza MDRRM office in Daang Amaya, Tanza; Carmona vaccination hub in Barangay Cabilang Baybay; Mendez-Nuñez Rural Health Office, and the Trece Martires vaccination site at the 3rd floor of the SM City Trece Martires.

The initial rollout activities inoculated a total of thirty (30) minors in Noveleta town, sixty (60) children in Carmona, thirty (30) minors in Tanza, 457 adolescents in the municipality of Mendez-Nuñez, and fifty (50) minors in Trece Martires city who are expected to receive the 2nd dose of the Pfizer vaccine on November 24, 2021.

To prepare for the city's pediatric COVID-19 vaccination rollout held November 8, the city government of Imus held recently a simulation exercise at the Ospital ng Imus supervised by Imus City Health Office Medical Office IV, Dr. Ferdinand Mina.

The local government of General Mariano Alvarez (GMA) also recently held a kick-off ceremony for the town's Pediatric CoViD-19 inoculation at the University of Perpetual Help System-GMA vaccination hub.

Likewise, the municipal government of General Emilio Aguinaldo-Bailen initially commenced its inoculation for minors aged 15 – 17 years.

According to RHU-Aguinaldo, children aged 12 – 14 years are included in the Community Based Immunization for the Anti-Measles, Tetanus, Diptheria including the Anti HPV/Anti- Cervical Cancer for girls aged 14 years and will subsequently be scheduled for the CoVid-19 vaccination after the said CBI activities.

Meanwhile, the city government of Tagaytay thru its City Health Office announced the inoculation of the city's minors on Friday, November 5, 2021.

Pfizer-BionTech vaccine is the vaccine given the emergency use approval by the Food and Drug Administration for the CoVid-19 immunization of minors. (Ruel Francisco with reports from Dennis Abrina and official Cavite LGU Facebook pages)

## Strict adherence to protocols key to returning to 'normal'

MANILA – Presidential Spokesperson Harry Roque on Monday reminded the public to strictly adhere to minimum health and safety guidelines in going to shopping malls and parks in Metro Manila.

In his regular Palace briefing, Roque said the opening of public places such as malls and parks for families, along with their children, was meant to push for public health benefits and gradual reviving of the economy hit hard by the Covid-19 pandemic.

"Hindi po dahilan ito para maging super spreaders iyong ating malling (Going to malls should not be the reason for super spreader events)," he said.

He also reminded mall owners to strictly implement the protocols on wearing face masks, regular handwashing, and social distancing.

"Para po makabalikbuhay tayo importante po sumunod po tayo sa minimum health standards (Follow the minimum health standards so that we can go back to normalcy)," Roque said.

Roque noted that all business establishments are responsible for strict implementation of health and safety protocols against Covid-19.

Failure to do so will lead to the closure of businesses, he added.

"So hinihingi po natin ang kooperasyon ng lahat nang patuloy pong magbukas ang ating ekonomiya (We are asking for your cooperation so that we can continue with our economic activities)," Roque said.

From Nov. 5, Metro Manila shifted to a lower Covid-19 Alert Level 2, allowing more people, including minors, to visit malls and public places, regardless of vaccination status.

"Nasa kamay po natin ang muling pagsipa ng kaso ng Covid-19; nasa kamay natin ang patuloy na pagbubukas ng mga negosyo para maging dahilan na tayo po ay magkaroon ng mas maraming hanapbuhay. Huwag po nating sayangin iyong pagtitiyaga natin nang halos dalawang taon na (The surge of Covid-19 cases is in our hands; it is in our hands to continue to open businesses so that we can have more jobs. Let's not waste what we have achieved in almost two years)," he said.

Under Alert Level 2 classification, restaurants and eateries may operate at a maximum of 50 percent indoor venue capacity for fully vaccinated individuals and those below 18 years of age, even if unvaccinated, according to the Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) guidelines.

# GUHIT NG KAPALARAN

SCORPIO: (Okt. 24-Nob. 22) Likhainang vision of life, mag-imagine ngsukdulanparasaiyong success. Maaakitang events namagpapasayasa'yo. Magbabagoangtakbongbuhay, matutupadangmgapangarap mo. Lucky numbers at color for the day ang 18, 28, 55, 46, 37 at crimson red.

SAGITTARIUS: (Nob. 23-Dis. 21) Huwagtanggapinangkabiguan, nasakamaymoangpag-usad. Gawinangdapat at magingpatas. Lucky numbers at color for the day ang 55, 16, 45, 36, 26 at cinnamon brown.

CAPRICORN: (Dis. 22-Ene. 19) Magbasang inspirational books. Maaakitmoang events namaghahatidsa'yosatagumpay. Lucky numbers at color for the day ang 38, 17, 45, 57, 26 at ultra violet.

AQUARIUS: (Ene. 20-Peb. 18) Magiging happy kasaiyonggawaindahilsabagongkagrupo. Mukhangloveteam in the making ito. Lucky numbers at color for the day ang 36, 55, 16, 48, 26 at sunyellow.

PISCES: (Peb. 19-Mar. 20) Lahatngmalakingbagay ay nagsisimulasamaliit. Kaya huwagmawalanngpag-asawa.Tuloyangbuhay. Lucky numbers at color for the day ang 22, 44, 46, 52, 12 at scarlet red.

ARIES: (Mar. 21-Abr. 19) Lahat ay apektadosamgagawamo, kaya magingmaingat. Tandaannanasahuliangpagsisisi. Lucky numbers at color for the day ang 17, 27, 35, 42, 53 at emerald green.

TAURUS: (Abr. 20-May. 20) Posibleangselebrasyonsanaglalandasna success. Gawinangdapatparamatamoanghinahangad. Lucky numbers at color for the day ay 12, 26, 56, 37, 46, at vanilla brown.

GEMINI: (May. 21-Hun. 21) Angiyonghiling ay makakaratingsakinauukulan. May mangyayarinahindiinaasahan. Lucky numbers at color for the day ay 36, 25, 52, 28, 45, at lilac violet.

CANCER: (Hun. 22-Hul. 22) Magiging personal angatakeng ma-panadya. Perodedmahinlangparakusangtumigil. Lucky numbers at color for the day ang 36, 27, 15, 55 at mango orange.

LEO: (Hul. 23-Ago. 22) Magigingaktibosapagbibisikleta. Maramiangmagugulatsapagbabangiyongtimbang. Happy ka. Lucky numbers at color for the day ang 15, 36, 27, 45, 52 at pearl white.

VIRGO: (Ago. 23-Set.23) Hanapinangiyong game of life. Sikapinnamaging the best player pararito. Maaakitang life partner. Lucky numbers at color for the day ang 15, 36, 27, 45, 52 at pearl white.

LIBRA: (Set. 24-Okt. 23) Hanapinang best result sagawain at pagyamaninito. Makakaisipkangbagong business. Lucky numbers at color for the day ang 47, 32, 53, 12, 15 at shocking pink.

## 113,000 Calabarzon industrial workers receive Covid-19 jabs

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Economic zones in Calabarzon are ramping up their Covid-19 vaccination programs in a bid to safely reopen the industrial sites amid the pandemic.

The Philippine Economic Zone Authority (PEZA) said some 113,392 employees and workers in PEZA regulated ecozones are already fully vaccinated against Covid-19 since the program started in June.

The provinces of Laguna and Cavite logged the highest vaccination rates among industrial workers. Each province logged around 45,000 employees who are already fully vaccinated against the disease.

Around 28,338 employees working in companies housed in economic zones based in Batangas province also completed their Covid-19 shots as part of the A4 priority group in the national Covid-19 vaccination program.

Despite the high vaccination rate, PEZA expressed their concern over reports of local government units which refused to vaccinate workers who are not residents.

Economic zones also lack the capability to put up their own vaccination sites. The lack of in-house vaccinators led companies to hire third-party agencies to administer the vaccination, which they said led to added cost for companies.

Other concerns of industrial companies that hamper their vaccination programs include the lack of efficient coordination with the local government unit to ensure vaccination schedules do not paralyze operations.

Coordination between local health offices and ecozones should also be improved to facilitate fast approval of proposed vaccination sites.

As of November 1, PEZA reported 21,923 confirmed Covid-19 cases in economic zones where 2,821 patients are currently being treated in isolation facilities or home quarantine.

Meanwhile, some 19,026 patients have already recovered from the disease while 76 expired due to complications and severe Covid-19 symptoms. (PB)

PAHAYAGAN NG
Kabitenyo
ISSN-1656-0558
In God We Trust
VOL. 20 NO. 37 NOVEMBER 8 - 14, 2021 10.00

## PAGBABAKUNA SA MGA EDAD 12 HANGGANG 17, SINIMULAN SA NOVELETA



Sinimulan ng lokal na pamahalaan ng Noveleta ang pagbabakuna para sa mga menor de edad na may edad 12 hanggang 17 nitong Miyerkules, Nobyembre 3.

Limampung menor de edad na may comorbidities ang binakunahan sa unang araw ng pediatric vaccination.

Nakatakdang dagdagan ang bilang ng mga bakunang ibinibigay para sa mga menor de edad sa mga susunod na araw, ayon sa LGU.

"Hindi namin pwedeng i-todo agad, kumbaga pinakikiramdaman din namin, what are the problems that will arise," ani Municipal Health Officer Dr. Maria Hilda C. Bucu.

Humigit-kumulang 1,800 menor de edad ang nakarehistro na para sa pagbabakuna.

"Ngayon po, uunahin natin, eksklusibo sa mga bata na taga-Noveleta. Pero hopefully, pag natapos din natin ito, io-open din natin siya. Welcome yung mga taga-ibang lugar," pahayag ni Noveleta Mayor Dino Reyes-Chua.

## 5-M PILIPINO, TARGET MABAKUNAHAN SA ISASAGAWANG NATIONAL VACCINATION DAY



Inilalatag na ng pamahalaan ang planong pagsasagawa ng 3-day National Vaccination Day ngayong buwan ng Nobyembre ayon kay DOH Undersecretary Maria Rosario Vergeire.

Target umano ng pamahalaan na maturukan ang 5 milyong Pilipino sa loob ng tatlong araw na mass vaccination activities.

"We are now on initial planning and coordination stages. This will be whole-of-government activities and all agencies will be mobilized to reach the five million (vaccinees)," pahayag ni Vergeire.

Dagdag pa niya, kakailanganin umano ng pamahalaan ang tulong ng mga healthworkers mula sa pampubliko at pribadong sektor kabilang na ang mga self employed.

Base sa inisyal na plano, magdadagdag din ng mga vaccination sites sa iba't ibang lugar kung saan kabilang ang mga tanggapan ng gobyerno, malls, at iba pang pampublikong lugar.

Ayon kay Vergeire, nakipagpulong na umano ang DOH sa mga LGUs na makakatulong sa pamahalaan upang isagawa ang nasabing aktibidad.

Ang malawakang vaccination drive ay bahagi ng pagsisikap ng pamahalaan upang mapuksa ang nakamamatay na sakit na COVID-19 at makamtan ang inaasam na herd immunity.

Sa kasalukuyan, tinatayang 28, 718, 856 pa ang bilang ng mga indibidwal na hindi pa nakakatanggap ng bakuna kontra COVID-19.










Nag-award po tayo ng Certificate of Appreciation sa ating mga Barangay Captains sa kanilang naging tulong at malasakit sa panahon ng pandemya at para maging ligtas sa COVID-19 ang Lungsod ng Imus. Ako po at sa ngalan ng mga staff ng Buhay na Tubig Vaccination Site, ay nagpapasalamat sa inyong lahat! Mabuhay po kayo!

## COVID-19 PEDRIATIC VACCINATION, SINIMULAN SA ILANG BAYAN SA CAVITE



Ilang mga bayan sa lalawigan ng Cavite ang opisyal nang nagsimula sa pagbabakuna kontra COVID-19 para sa mga nasa edad 12 hanggang 17 na mayroong comorbidities.

Ang General Mariano Alvarez ay nagsagawa ng pagbabakuna sa University of Perpetual Health System-JONELTA nitong Nobyembre 4.

Pinangunahan ito nina Mayor Maricel Torres, Municipal Health Officer Dr. Eduardo Alcasid, MLGOO Reginaldo Revilla, at mga kapitan ng barangay sa kanilang bayan.

Nauna namang nagsimula ng pagbabakuna ang bayan ng Carmona noong Nobyembre 3, kung saan umabot sa 60 kabataan ang nabakunahan ng Municipal Health Office, ayon kay Mayor Roy Loyola.

Bago bigyan ng bakuna ay nagkaroon rin ng consultation sa mga pediatrician ang mga batang may comorbidity.

Samantala, ang bayan ng Noveleta ay nagsimula na rin sa pamamahagi ng bakuna para sa mga nasa edad 12 hanggang 17 noong Miyekules.

Umabot limampung menor de edad na may comorbidities ang binakunahan sa unang araw ng pediatric vaccination. Madadagdagan umano ang bilang na ito sa mga susunod na araw lalo't nasa 1,800 mga kabataan sa kanilang bayan ang nagpalista para sa pagbabakuna.